Rebyu ng Desisyon sa Migrasyon ng Korte Mahistradong Pederal

Para kanino ang polyetong pang-impormasyong ito?

Ang polyetong pang-impormasyon na ito ay para sa mga tao na nagnanais na ma-rebyu ng mga Korte Mahistradong Pederal (Federal Magistrates Court of Australia) – ang desisyon ng Korte na may kinalaman sa bisa.

Ano ang mga desisyon na maaaring rebyuhin ng Korte?

Maaaring rebyuhin ng Korte ang mga desisyon na ginawa sa ilalim ng *Batas Migrasyon 1958 (Migration Act 1958)*. Kasama sa mga taong responsable sa pagbibigay ng desisyon sa ilalim ng Batas Migrasyon ay ang Ministro ng Imigrasyon at Pagkamamamayan at ang mga Miyembro ng Tribunal sa Pagrerebyu ng Takas (Refugee Review Tribunal) at ang Tribunal sa Pagrerebyung Pang-Migrasyon (Migration Review Tribunal).

Maaari lamang rebyuhin ng Korte ang isang desisyon upang alamin kung may nagawang 'pagkakamali sa hurisdiksyon' ('jurisdictional error'). Ang ibig sabihin nito, ang Korte ang siyang magpapasya kung ang ginawang desisyon ay naayon sa batas.

Ano ang magagawa ng Korte?

Kung ang inyong aplikasyon para sa pagrerebyu ay pinayagan, ibabalik ng Korte ang inyong kaso sa mga taong gumawa ng desisyon. Maaari ding hadlangan ng Korte ang Ministro sa pagbibigay ng desisyon.

Ano ang hindi magagawa ng Korte?

Hindi magagawang pag-aralang-muli ng Korte ang kahalagahan ng inyong aplikasyon at kung kayo ay dapat o hindi dapat bigyan ng bisa.

Ang Korte ba ay malaya?

Oo, ang Korte ay hindi sakop ng mga taong gumagawa ng desisyon sa ilalim ng Batas Migrasyon.

Sino ang maaaring mag-aplay?

Kung hindi kayo nasisiyahan sa desisyon, maaari kayong mag-aplay sa Korte kung sa inyong paniniwala ay nagkaroon ng pagkakamali sa hurisdiksyon sa paggawad ng desisyon. Kailangang humingi kayo ng payong legal bago magsumite ng aplikasyon.

Ang pagdinig ba sa Korte ay pribado?

Sa pangkalahatan, ang pagdinig sa Korte ay bukas sa mga tao. Kung ang inyong kaso ay nauukol sa desisyon sa pagbibigay ng proteksyon na bisa, hindi pinapayagan ng Korte na ilathala ang inyong pagkakakilanlan.

Mayroon bang hangganan ang araw ng pag-aaplay?

Kailangang magsumite kayo ng inyong aplikasyon sa pagrerebyu sa loob ng 35 araw mula sa petsa ng desisyon ng migrasyon. Maaaring magbigay ang Korte ng palugit sa hangganan ng panahon. Kung kailangan ninyo na habaan ang palugit sa panahon, kailangang sabihin ninyo ito sa inyong aplikasyon at ipaliwanag kung bakit.

Anong mga porma ang kakailanganin ko?

Upang magsumite ng aplikasyon sa pagrerebyu ng isang desisyon, kailangang kumpletuhin ninyo ang:

- Isang porma ng aplikasyon, at
- Isang sinumpaang pahayag (affidavit).

Makukuha ninyo ang mga dokumentong ito sa **www.fmc.gov.au** o sa rehistro ng korte (court registry) na malapit sa inyo.

Kailangang isaad sa inyong aplikasyon kung anong pagkakamali ng hurisdiksyon ang sa inyong paniwala ay nangyari sa pagdedesisyon. Sa inyong sinumpaang pahayag, kailangang ipaliwanag ninyo ang lahat ng kaukulang mga bagay at pangyayari na may kinalaman sa sinasabing pagkakamali. Kailangang ikabit ninyo sa inyong sinumpaang pahayag, ang kopya ng desisyon na rerebyuhin at anumang ipinahayag na dahilan ng desisyon.

Kanino ko ibibigay ang mga porma?

Oras na matapos ninyo ang mga porma, kailangang isumite ninyo ang inyong aplikasyon at mga dokumentong suporta sa Korte. Matapos na magsumite ng inyong aplikasyon, kailangang ibigay ninyo ang isang selyadong kopya ng inyong aplikasyon at mga dokumentong suporta sa Ministro at, sa karamihan ng kaso, sa Tribunal na siyang gumawa ng desisyon. Ang prosesong ito ay tinatawag na pagbibigay ng mga dokumento (service of documents).

Maaari ninyong ibigay ang mga dokumento sa Ministro sa pamamagitan ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan (Department of Immigration and Citizenship)—ang Kagawaran—ang Kagawaran ay may mga tanggapan sa bawat punong-lungsod. Pumunta sa **www.immi.gov.au** o tawagan ang Kagawaran sa **131 881** para sa mga detalye ng patutunguhan.

Ano ang mangyayari sa pagdinig sa korte?

Magbibigay ang Korte ng oras at petsa ng inyong pagdinig. Sa unang petsa ng Korte, ang Korte ay maaaring magbigay ng kautusan at direksiyon para sa:

- Isang pagdinig sa lalong madaling panahon
- ang petsa ng pangalawa o huling pagdinig
- panatilihin o ipag-utos na interim (pansamantala)
- pagsusumite ng mga binagong dokumento o dagdag na mga dokumento.

Kung ipinag-utos ng Korte ang pagdinig sa madaling panahon o isang pangalawang pagdinig bago ang panghuling pagdinig, maaaring hilingin sa inyo ng Korte na ipakita ninyo na may kasong pagtatalunan (arguable case). Kung hindi ninyo maipakita na mayroon kayong kasong pagtatalunan, maaaring itapon ng Korte ang inyong aplikasyon nang walang huling pagdinig.

Sa bawat pagdinig sa Korte, bibigyan kayo ng Korte ng pagkakataon na puntuhin ang mga isyu na may kinalaman sa inyong kaso. Kung mayroon kayong abogado, sila ang makikipag-usap para sa inyo. Ang Ministro ay karaniwang kinakatawan ng isang abogado, at kayo o ang inyong abogado ay magkakaroon ng pagkakataon na sumagot sa anumang sasabihin nila sa korte. Maliban kung pinayagan kayo ng Korte na hindi dumalo, kailangan kayong dumalo sa Korte kung mayroong pagdinig.

Kalimitan, ipinahahayag ng Korte ang desisyon nito sa pagtatapos ng huling pagdinig . Kung hindi, ipaaalam sa inyo ang petsa ng pagpapahayag ng Korte ng desisyon nito.

Paano ang mga tagapagpaliwanag?

Maaari ninyong kausapin ang Korte sa pagtawag sa serbisyo sa pagpaliwanag sa **131 450**. Kung kailangan ninyo ng isang tapagpaliwanag upang ipaliwanag sa inyo ang pagdinig sa korte, kailangang sabihin ninyo ito sa inyong porma ng aplikasyon.

Kailangan ba akong magbayad?

Kailangang bayaran ninyo ang halaga sa pagsusumite ng inyong aplikasyon at isa pang bayad para sa huling pagdinig. Ang mga bayad ay hindi para sa ilang mga kaso. Kung nais ninyong malaman ang tungkol sa mga bayad, makipag-usap sa kawani ng rehistro sa Korte.

Kung hindi dininig ng Korte ang inyong aplikasyon, maaaring pagbayarin kayo ng gastos pang-legal ng Kagawaran. Kung nagpasiya kayo na hindi na ituloy ang inyong kaso na walang pagdinig, sa pangkalahatan kayo ay magbabayad sa binawasang halaga ng gastos pang-legal ng Kagawaran.

Maaari ko bang hindi na ituloy ang aking kaso?

Oo. kung mayroong kulang-kulang na 14 araw pa bago dumating ang inyong huling pagdinig, kailangang kumuha kayo ng permiso sa Korte upang hindi na ituloy ang inyong kaso.

Kailangan ko ba ng payong legal?

Kailangang kumuha kayo ng payong legal tungkol sa inyong aplikasyon sa lalong madaling panahon. Maaari kayong makakuha ng libreng payo mula sa tanggapan ng tulong na legal o sentrong pambatas ng komunidad. Kung hindi, kailangang pumili kayo ng inyong sariling abogado at magbayad para sa serbisyong ito.

Ang polyetong ito ay nagbibigay ng panlahatang impormasyon lamang at hindi nagbibigay ng payong legal. Kung mayroon kayong isyung legal, kailangang kausapin ninyo ang isang abogado bago gumawa ng isang desisyon tungkol sa kung ano ang gagawin o pag-aaplay sa korte. Ang Korte Mahistradong Pederal (Federal Magistrates Court) ay hindi makapagbibigay ng payong legal.